Institute of Political Economy

Pebrero 2004

Praymer sa Eleksyon ng Mayo 2004

Walang Ilusyon sa Eleksyon

Sabi sa isang kanta, sa Pilipinas daw ay may tatlong panahon — mayroong tag-ulan, mayroong tag-araw at mayroong eleksyon. Parang pasko, ang eleksyon sa Pilipinas ay hindi matatakasan ninuman. Maingay, magulo at malakarnabal ang mga gimik sa panahon ng eleksyon.

3rd Floor, SCC Building, 4427 Interior Old Sta. Mesa, Manila ● P.O. Box SM-447, Manila 1008
Tels. 7132737, 7132729 ● Fax 7160108 ● E-mail: perc@ibon.org

Panahon ito ng mga give aways at mga pangako. Nakikihalubilo at bumababa sa kanilang toreng gareng ang mga pulitikong ang hangad ay mailuklok ng mamamayan sa pampulitikang poder. Muli nilang ipinapangako ang lahat at pinaaasa ang mamamayan sa isang bagong buhay, sa isang bagong pag-asa at bigla ay may solusyon sa mga problema ng bayan. Mga pangakong napapako at muling ipapangako sa susunod na eleksyon. Matapos ang eleksyon, tapos na rin ang mga palabas, balik na naman sa “normal” na buhay ng pagsisikap na makapanatiling nabubuhay sa harap ng tumitinding kahirapan at pagsasamantala.

Wala nga bang magagawa ang mamamayan kundi maging miron sa karnabal ng eleksyon? Dapat bang manatiling panantos lamang ang mamamayan sa pampulitikang sungkaan ng mga naghaharing uri. Para sa karamihan ng mamamayan, matagal nang nahubaran ng kabuluhan at demokratikong pagpapanggap ang eleksyon sa Pilipinas. Subalit hindi rin naman dapat ipaubaya na lamang sa mga naghaharing uri ang halalan nang wala man lang pakinabang ang mamamayan.

Bagamat napakaliit ng puwang, ang eleksyon ay hindi maaring ipagwalambahala ng mamamayan laluna ng mga mulat na mamamayang naghahangad ng mapagpasya at tunay na pagbabago sa kalagayan ng mamamayan at sistemang panlipunan. Kailangang gamitin ng mga militanteng organisasyon ng mamamayan ang lahat ng oportunidad gaano man ito kaliit upang patuloy na magpalakas at magpalawak tungo sa papatinding pakikipagtuos sa naghaharing uri. Kailangan mag-ipon ng lakas — pagpapalawak ng hanay, pagkokonsolida ng pwersa, pagpapatatag ng paninindigan, pagpapahigpit ng determinasyon ng mamamayan na lumaban. Dapat itong kamtin saan mang larangan at arena ng paglaban — maging sa larangan ng eleksyon na instrumento ng mga naghaharing uri laban sa mamamayan

1 Ano ang eleksyon at ano ang katangian nito sa Pilipinas?

Bahagi ng demokrasya ang mga eleksyon. Sa teorya, ang lahat ng kapangyarihan ng gubyernong itinuturing na demokratiko ay nagmumula at inilalagak dito ng kanyang mamamayan. Karaniwan, ang mga pinuno ng mga

gubyerno ay binibigyang-kapangyarihan sa demokratikong proseso ng eleksyon.

Ayon sa ganitong teoretikal na konsepto hinulma ang gubyerno sa Pilipinas matapos ito maging “malayang republika” noong 1946. Sa pamamagitan ng pagboto, pinipili ng mga kwalipikadong botante (mga mamamayang may 18 taong gulang pataas) ang kanilang mga pinuno upang katawanin ang kanilang interes, maglingkod sa mamamayan, at manguna sa pagpapaunlad at pangangasiwa ng lipunan.

Ayon sa 1986 na Konstitusyon ng Pilipinas at sa Omnibus Election Code (Republic Act 881), ginagarantiyahan nito ang karapatan ng lahat ng kwalipikadong mamamayan na makibahagi sa lahat ng ehersisyong elektoral. Pangangasiwaan ito ng isang independyenteng Commission on Election (COMELEC) upang tiyakin ang maayos, makatarungan at mapayapang mga halalan. (tingnan ang **box 1**)

Box 1:
Mga Tipo ng Ehersisyong Elektoral sa Pilipinas

1. **Regular na eleksyon**
   a. Pambansang eleksyon – para sa Presidente, Bise-presidente na hinahalal kada 6 na taon; mga miyembro ng Senado, kada 3 taon
   b. Lokal na eleksyon – para sa mga miyembro ng House of Representatives o Mababang Kapulungan ng Kongreso na hinahalal sa mga distrito at partylist election; mga upisyal sa antas ng probinsya, lungsod at munisipyo. Hinahalal kada 3 taon.
   c. Barangay elections – tuwing 3 taon, kasabay ng eleksyon sa Sangguniang Kabataan
   d. ARMM elections – para sa mga upisyales ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM), kada 3 taon

2. **Mga Ispesyal na Eleksyon**
   a. plebisito
   b. referendum
   c. initiative

Sa Mayo 10, 2004, sinkronisado o magkasabay na isasagawa ang pambansa at lokal na eleksyon. Sa kada balota, maghahalal ang isang botante ng kanyang piniling presidente, bise-presidente, mga senador, kongresman, partylist organization, gubernador at/o alkalde, mga bokal at/o konsehal. Sa Mayo, gagamitin ng mamamayang Pilipino ang sinasabing demokratikong karapatang pumili ng kanilang mga pinuno.

Subalit ang katotohana'y hindi kailanman naging tunay na demokratiko ang eleksyon sa Pilipinas. Garantisado nga ang karapatan ng mamamayan na bomoto ng kanilang pinuno subalit limitado ang pagpipilian. Kumbaga, ang eleksyon ay pagpili lamang sa iilang kandidato na halos lahat ay nagmula sa iisang uri o grupo at nagsisilbi sa pare-parehong interes. Dahil dito, sinuman ang manalo sa eleksyon, hindi nagkakaroon ng pundamental na pagbabago dahil iba't iba man ang grupo, pare-pareho ang interes na pinagsisilbihan ng mga kandidato. Bukod dito, ang resulta ng eleksyon ay nakasalalay sa basbas ng US at suporta ng naghaharing uri.

Kung tutuusin, ang eleksyon sa Pilipinas ay masasabi pa ngang kontra-demokrasya. Nagbibigay ito ng ilusyon ng demokrasya gayong sa katotohanan, ang mga eleksyon ay nagsisilbi lamang upang panatilihin ang kasalukuyang kaayusang nagdidikta at nagsasamantala ang iilang naghaharing uri sa nakararaming mamamayan. Sa aktwal, ang eleksyon ay "pagpili" ng mamamayan sa mga kandidato at partido ng mga naghaharing uri na nagpapaligsahan kung sino tatangan sa pamumuno ng gubyerno at sa gayon, mas makakapagsamantala at makikinabang sa yaman ng bayan.

2 Paano ginamit ang eleksyon para mapagharian ng iilan ang nakararaming mamamayan?

Gumampan ng mahalagang papel ang eleksyon sa pagtitiyak at pagpapanatili ng paghahari ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri sa lipunang Pilipino sa ilalim ng isang sistemang malakolonyal. Magkatuwang na ginamit ng US ang kapangyarihang militar at ang mga mapanlinlang na mga instrumentong tulad ng eleksyon upang ganap na masakop ang Pilipinas at masawata ang paglaban ng mamamayan sa mapanlinlang at madugong panghihimasok ng imperyalismong US. Matapos nitong agawin mula sa mga rebolusyonaryong

Pilipino ang pagpapalayas sa kolonyalismong Kastila, inilunsad ng kolonyalismong US ang isa sa pinakamatinding gera sa pagitan ng mga mananakop at sinasakop sa kasaysayan ng daigdig. Bunga ng malupit, walang pakundangan at madugong kampanyang “pasipikasyon” ng mga Amerikano, mahigit isang milyong Pilipino ang namatay.

Bilang bahagi rin ng kanilang “pasipikasyon” sa Pilipinas, ipinakilala ng kolonyalistang Amerikano ang eleksyon bilang bahagi diumano ng pagtatatag ng “demokrasya” o karapatang pumili ng mga pinuno at paghahanda para sa sariling pamamahala ng mga Pilipino. Subalit ang tutuo’y panlilinlang lamang ito sa mamamayan upang ilayo sa rebolusyonaryong paglaban sa mga mananakop. Kinasabwat ng mga Amerikano ang lokal na mga naghaharing uri tulad ng mga malalaking panginoong maylupa at kumprador na oportunistang nagpapalit ng katapatan sa kung sinuman ang kaharap. Nagsanay, nanuhol at nagpusisyon din sila ng mga maka-US na burukrata at mula sa mga ito hinubog ang malalaking burukratiko kapitalista para katawanin ang mga lokal na naghaharing uri sa itatayong papet na estado. Ang mga naghaharing uring ito ay binubuo rin ng mga illustradong naging pangunahing kasabwat ng kolonyalismong Espanyol, ilang naging prominenteng “lider” ng rebolusyon ni Aguinaldo na mabilis namang bumaling sa katapatan sa imperyalismong US matapos ang pananakop nito sa bansa.

Ang eleksyon ay ginamit hindi lamang upang payapain ang panghihimagsik ng mga Pilipino, kundi bilang “mapayapang proseso” ng paglutas sa mga tunggaliang pampulitika sa bansa. Hinulma ng mga Amerikano at kasabwat na lokal na naghaharing uri ang reglamento ng eleksyon upang patuloy na mamayani ang mga naghaharing uri.

Sa unang pambansang eleksyon noong 1907 sa ilalim ng kolonyal na gubyernong Amerikano, ang binigyan lamang ng karapatang maghalal at mahalal ay ang mga kalalakihang may edad 21 anyos pataas, may pag-aaring propyedad, nakakapagsulat o nakakapagsalita ng English o Kastila. Kaya naman, lahat ng mga “halal” na pinuno ay nagmula at ibinoto ng maliit na seksyon ng mamamayan. Inilatag ng mga Amerikano ang “proseso ng popular na pagpili” subalit tiniyak nitong ang mga mahahalal ay yaong mga pinili na nito.

Tulak din at sa gabay ng mga Amerikano itinatag ang mga unang lokal na partidong pampulitika na pinangunahan ng mga doble-karang kinatawan ng mga naghaharing uri. Itinatag ng mga dating “rebolusyonaryong lider” tulad nina Pedro Paterno, Cayetano Arellano, Pardo de Tavera, Benito Legarda at iba pa ang Partido Federal na kauna-unahang lokal na partido. Nang lumaon, naging Partido Progresista ang grupong ito pero mas kilala ito sa taguring Americanistas dahil sa layunin nitong ianib ang Pilipinas bilang isa sa mga estado ng United States (US).

Subalit batid din ng ilang bahagi ng naghaharing uri na hindi ito ang popular na sentimyento ng masa kaya ang iba’y nagtayo ng Partido Nacionalista na sumakay sa kahilingan ng masa para sa agarang pagsasarili ng Pilipinas sa kontrol ng mga Amerikano. Mayroon ding Partido Conservador na binubuo naman ng mga mestisong Kastilang kinatawan din ng lokal na naghaharing uri. Sa mga susunod na taon, ang mga partidong ito ay mahahati o kaya’y pagmumulan ng mga panibagong partido o pormasyon ng mga pulitiko na hindi naman mahirap mangyari lalo pa’t wala namang pundamental na kaibahan ang mga ito. Sa lahat ng ito, masugid na sinubaybayan ng kolonyalistang Amerikano ang pagsasanay sa mga pulitiko at mga partido nito upang maging balon ng mga lokal na papet.

Matapos ipagkaloob ang huwad na kalayaan noong 1946, hulmado na ang mga partidong pampulitika sa bansa upang gampanan ang pagiging katiwala ng di-nagpapahalatang paghahari ng imperyalismong Amerikano. Naging tampok sa mga partidong umiiral sa panahong ito ang Partido Nacionalista at Partido Liberal na halos naghalinhinan sa pagtangan sa estado poder. Nanalo ang mga Liberal sa eleksyon noong 1946, 1949 at 1961 at ang Nacionalistas naman noong 1953 at 1957. Noong 1961, lumipat si Ferdinand Marcos mula sa Liberal Party at sumanib sa Nacionalistas dahil di nito nakuha ang nominasyon para sa pagtakbo bilang presidente. Siya ang naging kandidato sa pagka-Presidente ng NP na nanalo sa 1965 election at muling nananalo noong 1969.

Ang dominasyon ng Liberal Party at Nacionalista Party sa mga eleksyon ay masasabing ipinadron sa two-party system ng US. Gayunman, kaiba sa US, kung saan may relatibong malaking pagkakaiba sa pagitan ng Democratic Party at Republican Party kung saan matingkad na ang huli ay ibayong Kanan. May mataas-taas na antas ng “katapatan” ang mga pulitiko at

tagasunod nila sa alinman sa dalawang pangunahing partido roon at mga kinakatawan nitong paninindigan. Anupaman ang pagkakaiba nila sa usapin ng mga patakaran ng mga naghaharing uri, ang dalawang ito ay parehong partido ng mga reaksyunaryo at imperyalista, kontrarebolusyonaryo at antimamamayan.

Sa Pilipinas, walang anumang mahalagang pagkakaiba ang mga partido pulitikal. Isang palatandaan nito ang kawalan ng mga ito ng anumang malinaw na mga plataporma de gubyerno. Wala rin gaanong katapatan ang mga pulitiko at miyembro sa anumang partidong sinasaniban nila sa iba't ibang panahon. Kapag malapit na ang eleksyon, hindi na kataka-taka ang mga rigodon at paglilipat-lipat ng mga pulitiko ng partido batay sa kung saan mas malaki ang tsansang manalo. Pagkatapos ng eleksyon, maramihang nagsisilipat naman ang mga pulitiko sa partido ng mga nanalo, pangunahin na ng nanalong presidente, para makabahagi sa mga dambong. Kaya naman nagbabago lamang ang mga administrasyon subalit nananatili ang mga batayang problema ng mamamayan at ng lipunan. Napapalitan ang mga papet subalit patuloy ang paghahari ng imperyalismong US sa bansa.

Ang iba't ibang "partido" o grupo ng mga naghaharing uri ay organisasyonal na ekspresyon ng kanilang pag-aagawan sa pakinabang sa lipunan at pagsasamantala sa mamamayan. Para mas manaig sa agawan sa kabang-yaman, nag-uunahan ang iba't ibang paksyon ng naghaharing uri na humawak ng gubyerno at maitalaga ng imperyalismong US bilang punong papet o katiwala ng mga interes nito sa Pilipinas. Bago mag-martial law, ang eleksyon ang lumulutas sa paksyunal na tunggaliang ito ng mga naghaharing uri.

Nang ideklara ng pangkating Marcos ang diktadurang paghahari nito noong 1972, kasama din sa target ng batas militar ang nyutralisasyon ng mga kalabang paksyon nito sa naghaharing uri. Samasamang ikinulong, pinahirapan at ang iba'y pinatay ng diktadurang Marcos hindi lamang ang mga rebolusyonaryong anakpawis kundi maging ang mga "oposisyon" na naghaharing uri. Binuo ng diktadurang Marcos ang Kilusang Bagong Lipunan (KBL) at winasak ang lahat ng mga partidong pampulitika na kalaban ng pangkating Marcos. Ang pagpataw ng batas militar ay naging senyal din ng pagtatapos ng dating paraan ng paghahari ng mga naghaharing uri; hindi lamang sa usapin ng paggamit ng kalitatibong malaking pasistang pwersa laban sa mga rebolusyonaryong pwersa; kundi maging sa paraan ng

pagpapasya kung sino sa kanila ang tatangan sa poder. Nagpapatuloy ang sitwasyong ito maging pagkatapos ng 1986 kung kailan sinasabing ibinalik ang “demokrasya bago ang magbatas militar”.

Kasamang nawasak ng batas militar ang “mapayapang halinhinan” ng pagtangan sa estado poder ng mga paksyon ng naghaharing uri. Suwapang na sinolo ni Marcos ang kapangyarihan sa pamamagitan ng isang marahas na gulpi (at pandarambong sa kabang-yaman) na labis na ikinagalit ng iba pang paksyon ng naghaharing uri. Sa loob ng mahabang panahon ng diktadurang Marcos, hindi ito naglunsad ng kapani-paniwalang eleksyon upang hindi maagaw ng ibang paksyon ang paghahari nito.

Sa ganitong balangkas, nabuo ang malawak na nagkakaisang-prente laban sa diktadurang marcos na kinabibilangan ng mga rebolusyonaryo at militanteng grupo, at maging mga oposisyonista ni Marcos sa hanay ng naghaharing uri (tinatawag sila noong reaksyonaryong anti-Marcos). Sa tindi ng panunupil at pagsasamantala ng pasistang diktadurang rehimen ni Marcos, naging mabilis ang pagguho nito sa paglakas at paglawak ng mga anti-diktadurang pagkilos ng iba’t ibang sektor ng lipunan. Humantong ito sa tinatawag ngayong Pag-aalsang Pebrero (EDSA 1) noong 1986.

Madalas na sinasabing ibinalik daw ng Pag-aalsang EDSA 1 ang demokrasya sa bansa. Subalit ang demokrasyang ito ay tumutukoy lamang sa demokrasya ng mga naghaharing uri partikular ang mga institusyong tulad ng kongreso at mga eleksyon na ang katangian at kalakaran ay pinagsisilbi sa interes ng mga naghaharing uri.

Isa sa mga palatandaan ng patuloy na paglubha ng krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas ay ang katotohanang hindi na lubusang naibalik ang kalakaran ng sistemang pampulitika bago mag Batas Militar gaya nang ipinagpalagay noong 1986. Kahit pa nagkaroon ng eleksyon noong 1992 at 1998, ang mga naghaharing uri ay hindi na nagpapatali dito. Nariyan ang mga pagtatangkang kudeta noong 1987 at 1989. Kumalma nang kaunti noong 1992-98 (dahil pa sa malakihang pasok ng dayuhang ispekulatibong kapital sa Pilipinas na nagpatahimik sa maingay na banggaan ng mga reaksyunaryo) subalit muling sumambulat noong 2001. Mula noon ay walang katapusan ang girian sa pulitika ng iba’t ibang paksyon ng naghaharing uri. At malamang na hindi ito magtatapos sa darating na eleksyon.

3 Ano ang katangian ng eleksyon sa Pilipinas?

Sa saligan, ang sistema ng eleksyon sa Pilipinas ay elitista, oportunista, reaksyunaryo, dominado ng mga papet ng US at nagsisilbi sa interes ng naghaharing uri. Ang katangian ng sistemang elektoral ng bansa ay bunga ng malakolonyal at malapyudal na kaayusan ng lipunan nito. Ang eleksyon ay isa sa mga pangunahing instrumento upang patuloy na makapaghari ang dayuhang monopolyo kapitalista sa pamamagitan ng paghahalinhinan ng mga "inihahalal" na papet na upisyal ng gubyerno mula sa nag-aagawang paksyon ng mga panginoong maylupa at burges kumprador.

Elitista at hindi para sa masa ang eleksyon sa Pilipinas. Ang proseso, reglamento at disenyo ng sistemang elektoral ay halos nagpupwera sa makabuluhang paglahok ng nakararaming mamamayan sa mga eleksyon. Ang magastos na proseso sa eleksyon ay naglilimita sa paglahok ng mga walang rekurso. Lalo pang kinukumplika ng legalistang reglamento ang eleksyon na lalo pang naglilimita sa paglahok ng karamihan. Kahit noon pa, taga-boto lamang ang papel sa eleksyon ng nakakaraming mamamayan. Kung meron mang anakpawis na maglakas-loob na kumandidato, tiyak na hindi ito makakatapat sa rekurso ng mga kandidato ng naghaharing uri. Wala itong pambili ng boto, pang-upa ng maton at pribadong armi, at pangtustos sa milyon pisong halaga ng pangangampanya kabilang na pansuhol ng mga upisyal at naging sa mga kalabang kandidato, pagbili ng boto, at iba pa. Sa panahon ng eleksyon, ang mamamayan ay taganood at tagapalakpak sa mga palabas ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri na nagpapaligsahan sa pinakamalakas na palakpak.

Oportunismo at hindi pagsisilbi sa bayan ang interes ng mga reaksyunaryong kandidato at partido sa eleksyon. Walang pagpilian dahil walang mga pundamental na kaibahan ang mga partido at kandidatong humaharap sa taumbayan. Paano nga naman, ang pagkakahati ng mga kandidato ay hindi dahil sa mga prinsipyo kundi nakabatay sa kung kanino nakakabit ang kanilang mga negosyo at kung kanino sila mas makakuha ng ganansya. Personalidad at pangalan at hindi isyu ang pinag-uusapan kapag may halalan. Kaya't maraming nananalo dahil lamang kilala silang mga artista sa pelikula, brodkaster, basketball player at mga katulad. Sa halip na talakayan

sa isyu at plataporma, pahusayan sa pagkanta at pagpapatawa ang katangian ng mga kampanya sa eleksyon. Kaya naman, walang alintana ang mga pulitiko na maglipatlipat at magpalitpalit ng mga kandidato at partido. Ang magkakasama ngayon ay maaring magkakatunggali bukas. Sa mga bulok na pulitiko, ang tanging prinsipyo ay oportunismo na taglay at itinataguyod ng lahat ng kandidatong elitista.

Higit sa nakasulat sa balota, ang boto ng imperyalismong US ang mas mapagpasya sa eleksyon sa Pilipinas. Marami nang mga pag-aaral ang nagpatunay sa mga maniobrang isinasagawa ng mga ahente ng US para impluwensyahan ang magiging resulta ng mga eleksyon sa Pilipinas. Isang halimbawa ay ang nalantad na mga pakikialam ng Central Intelligence Agency (CIA) noong dekada 50 para maipanalo si Magsaysay at matalo ang anti-imperyalistang kandidatura ni Claro M. Recto. Hindi rin naman lingid ang lantarang paghingi sa US ng mga kandidato ng bendisyon o endorso. Binabaha ng suportang rekurso mula sa mga kapitalista at naghaharing uri ang mga kandidatong inaakalang pinapaboran ng US. Kapag maraming rekurso at suportadong US, tiyak na ang panalo dahil sa tutuo lang, ang bangkaroteng eleksyon sa Pilipinas ay pinapagana ng panlilinlang at pandarahas.

Reaksyunaryo sa saligan ang katangian ng eleksyon sa Pilipinas. Ibig sabihin ay kontra ito sa pagbabago. Ang eleksyon ay instrumento para mapanatili ang kasalukuyang kaayusan at para sa mapayapang paghahalinhinan ng magkakatunggaling paksyon ng naghaharing uri upang pangasiwaan ang sistemang panlipuan na parepareho nilang ipinagtatanggol, pinagsisisilbihan at pinakikinabangan. Sa katotohanan, ito ay hindi demokratikong proseso at hindi nito sinasalamin ang tunay na demokratikong hangarin ng mamamayan. Sa halip, ito ay paglapastangan sa karapatan at kakayahan ng taumbayan na pumili ng pinunong karapatdapat. Mas masahol pa, nakapanlilinlang ang eleksyon sa mamamayan at kinukupot nito para ilihis ang mamamayan sa iba pang porma ng pakikibaka tulad ng mga militante at samasamang pagkilos na higit na epektibo tulad ng pinatunayan ng mga karanasan sa Edsa 1 at Edsa 2.

4 Ano ang kaibahan ng eleksyon sa Mayo 2004 sa mga nakaraang eleksyon sa bansa?

Mas garapal at marahas ang eleksyon sa Mayo at lalo pa itong nagkukumpirma sa reaksyunaryo at elitistang katangian ng mga eleksyon sa Pilipinas. Kitang-kita ito sa oportunismo at kawalang-prinsipyo ng mga pulitiko na nagpapalipatlipat ng mga grupo kung saan sila makatitiyak ng panalo. Ang hanayan ng mga kandidato ay itinatakda ng kanilang mga personal na interes at kung saan mas malaki ang rekurso at posibilidad na manalo.

Nasasalamin ang mas tumitinding tunggaliang paksyunal ng mga naghaharing uri sa matalas ng paglalaban hindi lamang ng dalawa kundi ng maraming paksyon ng naghaharing uri. Subalit sa pangkalahatan, ang mga paksyon ito na nakagrupo sa mga partido o koalisyon ay mahahati lamang sa dalawa — ang paksyon ng naghaharing uri na kasalukuyang nasa poder (o nasa posisyon) at ang paksyon na wala sa poder (oposisyon).

Ang pagkatalsik kay Estrada sa pamamagitan ng ekstra-parlamentaryong paraang tinawag na People Power II ay nagbigay daan sa muling pagtindi ng paksyunal na labanan sa pagitan ng hanay na Aquino-Ramos-Arroyo sa isang banda at Estrada-Marcos sa kabila. Ang tatlong taong panunungkulan ni Arroyo ay batbat ng iba't ibang anyo ng destabilisasyon bunga ng bangayan ng dalawang kampo at pagsisikap nina Estrada na matalsik din si Arroyo sa poder. Dahil sa matindi at kung minsan ekstraparlamentaryo't marahas na tunggalian katulad ng Oakwood, ang eleksyon ngayong Mayo 10, 2004 ay mas matindi at nagtataglay din ng mga banta ng di pagtutuloy ng eleksyon sa pagsisikap ni Arroyo na manatili sa poder bilang presidenteng transisyon diumano.

Kinakatawan ng pangkating Arroyo at ipinaketeng K4 (Koalisyon ng Karanasan at Katapatan para sa Kinabukasan) ang paksyon na nasa posisyon.. Katambal ni Arroyo ang popular na brodkaster/senador na kilalang alipures ng mga Lopez, isa sa pinakamaimpluwensyang burgesya kumprador sa bansa.

Sa kabilang banda ay nagbuklod naman ang sinasabing oposisyon sa kandidatura ng kilalang artistang si Fernando Poe Jr. katambal ang isa pang

popular na senador at dating brodkaster na si Loren Legarda. Sinusuhayan ang kanilang kandidatura ng KNP o Koalisyon ng Nagkakaisang Pilipino na sa esensya ay pagbubuklod ng mga paksyon ng naghaharing uri na wala sa poder at pinatalsik sa poder sa kaso ng pangkating Estrada.

Subalit lagpas sa tunggaliang paksyunal, iniluluwal ng pagtindi ng krisis pampulitika sa bansa ang oportunismo at makitid na personal na interes ng mga paksyon. Kaya sa tadyang ng paksyong nasa poder at maging sa oposisyon nito ay lumitaw din ang iba pang paksyon na nagsasarili at nagnanais na magsulong ng kanilang mga pansariling interes. Ito ang dahilan sa paglitaw ng mga grupong tulad ng kina Raul Roco, Panfilo Lacson at Eddie Villanueva na nag-aambisyon ding makapwesto. Tulad noong nakaraang halalang presidensyal, 6 kandidato sa pangulo ang humaharap ngayon sa taumbayan. (TIngnan sa **pahina 14**)

Maging ang kandidato ng mga paksyong ito para sa senador at iba pang posisyon sa pamahalaan ay kinatatangian ng oportunismo sa paglipatlipat ng mga ito sa mga grupo batay sa konsiderasyong personal kaysa paninindigang pampultika. Ang tutuo'y walang pinag-iiba ang mga "koalisyon" ng kandidato sa eleksyon. Ni wala itong pinaninindigang plataporma sa gubyerno maliban sa makitid na ambisyong pulitikal na makapwesto sa poder. Mas matimbang ang konsiderasyon sa popularidad kaysa sa paninindigan sa mga isyu kaya kadalasan magkakasama man sa iisang koalisyon magkakaiba pa rin ang mga posisyon sa mga usapin. Kaya nga sa eleksyong darating, magkakasama ang dating magkakaaway at nagtutunggali ang mga dating magkakaalyado. Patunay lamang ng kabulukan sa sistemang pampulitika sa bansa na walang matinong pagpili sa mga kandidato dahil wala namang mapagpipilian.

Nagbabadya ang malawakang dayaan at karahasan sa darating na eleksyon. Ngayon pa lang, nagsimula na ang mga paninira, kutsabahan at mga maniobra ng mga paksyon upang tiyakin ang kanilang panalo. Desperado ang gubyernong Arroyo na makapanatili sa poder kaya sinisikap nitong ligawan ang iba't ibang karibal na paksyon para sa suporta. Ang maimpluwensyang paksyon ni Danding Cojuangco ay nananantiya matapos na magkaroon ng pansamantalang paghinto sa pagresolba ng isyu ng coco levy na dinambong ni Cojuangco sa mga magsasaka. Tulad ng palaging ginagawa niya at ng mga katulad na malalaking kumprador burgesya,

KANDIDATO	PAMPULITIKANG REKORD
Gloria Macapagal-Arroyo	Iniluklok bilang presidente noong EDSA 2 kapalit ng pinatalsik na gubyernong Estrada. Pangunahing alyado ng US sa “gera laban sa terorismo” at tagapagtulak ng mga patakaran ng globalisasyon. Sa ilalim ng kanyang administrasyon naganap ang pinakamatinding kawalan ng trabaho at pinamakataas na depisito sa badyet.
Fernando Poe Jr.	Pangunahing artistang lokal. Kaibigang matalik ng pinatalsik na dating Pangulong Estrada. Hindi malinaw na maipahayag ang plataporma de gubyerno. Hindi man pulitiko subalit napapaligiran ng mga tradisyunal at bulok na pulitiko.
Raul Roco	Dating senador at sekretaryo sa edukasyon ng gubyernong Arroyo. Nagtulak sa aprobal ng GATT at iba pang patakarang globalisasyon sa Senado.
Ping Lacson	Pinuno ng pulisya sa panahon ng pinatalsik na gubyerno ni Estrada. Nasangkot sa mga kaso ng paglabag sa karapatang pantao tulad ng pagmasaker sa mga miyembro ng Kuratong Baleleng. Pinagbibintangan ng gubyernong Arroyo na nagpayaman sa pwesto sa pamamagitan ng mga sindikato.
Eddie Villanueva	Pinuno ng Jesus is Lord Movement. Dating aktibista at guro sa PUP at kasalukuyang nagpapatakbo ng malaking istasyon ng radyo at telebisyon. Ebanghelista ng relihiyon at tumatakbong presidente sa plataporma ng moralidad at pagbabago ng bansa ayon sa “disenyo ng Diyos”.
Eddie Gil	Pinuno ng Partidong Isang Bansa Isang Diwa. Misteryoso at nagpapakilalang mayamang negosyante. Walang malinaw na plataporma maliban sa diumano’y paggamit ng sarili niyang kayamanan upang bayaran ang utang panlabas ng bansa.

sinusuportahan niya ang magkabila sa mga pangunahing naglalabanang kandidato habang naninimbang pa siya hanggang sa huling minuto upang matantiya kung sino ang mananalo at saka magbubuhos ng suporta sa mananalo. Ito ay para maging kroni pa rin siya ng sinumang kasalukuyang nakaupo sa poder. Bigla ring “lumambot” ang rehimeng Arroyo sa kaso ni Estrada at pumayag pa nga itong ma-house arrest sa kanyang bahay-bakasyunan gayong sa kampo-militar ito ikinulong ng korte. Ginagamit ng rehimeng Arroyo ang lahat ng impluwensya at rekurso ng gubyerno upang makabig ang pinakamaraming suporta mula sa hanay ng mga naghaharing uri dahil batid nitong hindi na ito makakaani ng pagtangkilik mula sa mamamayan.

Kahit na anong hokuspokus ang gawin ng bayarang masmidya at ilang kinomisyong sarbey ng Malakanyang, patuloy na itinatakwil ang rehimeng Arroyo ng mga organisasyong-masa at kahit ng mga karaniwang mamamayan. Sa mata ng publiko, si Pangulong Macapagal-Arroyo ay walang isang salita dahil sa pagbawi nito sa naunang deklarasyong hindi na tatakbo. Pero higit pa rito, disgustado ang mamamayan sa pangkalahatang pamamahala ng rehimen na nagluwal ng napakatinding kahirapan at kaapihan ng mamamayan. Hindi iilan ang nagsasabing ang pag-asa na lamang ni Pangulong Arroyo para manalo ay sa pamamagitan ng malawakang pandaraya, terorismo at pagbili sa boto gamit ang pondo ng gubyerno. Kung sakali mang sa pamamagitan nito ay makapanatili sa poder ang paksyon ni Arroyo, iiral ang sitwasyon kung saan ang malawakang pandaraya ni Arroyo ay mag-uudyok ng malawakang protesta, tulad ng nangyari sa EDSA1 at 2. Tiyak ding sasapitin nito ang dinanas ng gubyerno ni Estrada na pinatalsik sa poder ng pag-aalsa ng taumbayan.

Hindi ito lingid sa iba pang paksyon ng naghaharing uri na may pansarili ding interes na humalili sa poder. Ngayon pa lang, nang-uupat na ito ng dambuhalang protesta ng mamamayan at posibleng maglunsad ng interbensyong militar kapag hindi naging paborable sa kanilang paksyon ang resulta ng eleksyon.

Gayunman, alam ng lahat ng nagtutunggaling paksyon na mapagpasya ang papel ng US sa darating na eleksyon. Ang babasbasan na paksyon ng imperyalismong US ang mamamayani sa labanang ito. Kaya naman, mapapansing hindi lumalagpas sa mga isyu ng pangungurakot, katiwalian at

personal na rekord ang usaping pinatatampok sa pagbabangayan ng magkakalabang paksyon. Sa pangkalahatan ay tahimik ang lahat at tila bantulot na magbigay ng paninindigan sa mga mahahalagang usapin ng mamamayan tulad ng globalisasyon, panghihimasok ng imperyalismong US sa bansa at maging mga isyung tulad ng repormang agraryo, pagtaas ng sahod, PPA, at iba pa na sasaling sa interes ng mga panginoong maylupa at burgesya kumprador.

Kaya nga kahit pa maluklok ang ibang paksyon sa poder, wala ring garantiyang may saligan itong kaibahan sa papet na gubyernong Arroyo. Dapat tandaang ang mga koalisyon at hanayan ng mga pulitikong ito ay iba't ibang paksyon lamang ng naghaharing uri sa bansa na ang pinagsisilbihan ay ang malakolonyal at malapyudal na kaayusang panlipunan. Ang mga ito'y itinataguyod ng pondo at rekursong nagmumula sa mga uring nakikinabang sa kasalukuyang kalakaran.

5 Kung bulok ang eleksyon, ano ang magiging lugar nito sa pakikibaka ng mamamayan para sa makabuluhang pagbabago sa lipunan?

Ang eleksyon sa konteksto ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino ay hindi kailanman magluluwal ng mga pundamental na pagbabago sa lipunan. Mahalagang aspeto ng gawain ng mga militanteng organisasyon ang pagmumulat sa malawak na mamamayan sa kahungkagan ng eleksyon sa Pilipinas at kung paano ito ginagawang instrumento ng mga naghaharing uri upang mapanatili ang mapagsamantalang sistemang panlipunan.

Pulitika ng pagbabago ang tawag ng marami dito. Inilalantad at itinatakwil ang anti-mamamayan at kontra-demokrasyang katangian ng eleksyon habang iminumulat ang mamamayan ang kalutasan ng kanilang mga suliranin at ang mga hangad na pagbabago ay sa kanilang samasamang pagkilos at wala sa kamay ng mga pulitiko.

Mahalagang laging ilantad ang tunay na katangian ng eleksyon sa Pilipinas. Kailangang mahubaran ang anumang pagpapanggap ng eleksyon bilang demokratikong proseso. Kumbaga, kailangang mulat na inilalantad ang reaksyunaryo, kontra-demokrasya at anti-mamamayang katangian ng

eleksyon subalit hindi nangangahulugang dapat itong ipagwalang bahala. Ang mga panahon ng eleksyon ang pinakamainam na pagkakataon sa harap ng tuluy-tuloy na pagbulusok ng krisis at paglala ng kabuhayan ng mamamayan upang maglunsad ng mga militanteng pagkilos tungo sa paggigiit ng mga hinaing at aspirasyon ng mamamayan.

Habang inilalantad ang reaksyunaryong katangian ng eleksyon at ipinaliliwanag na hindi ito magdudulot ng pundamental na pagbabago sa lipunan, maaaring samantalahin ng mga organisasyon ng mamamayan ang eleksyon sa pamamagitan ng paghaharap ng mga tampok na isyu ng mamamayan. Dahil hindi rin lahat ng mga kandidato ay pare-parehong sagadsagaring reaksyunaryo at maaaring magamit din laban sa mga pinakareaksyunaryong pulitiko na kalaban ng bayan, maaaring samantalahin din ng mga organisasyon ng mamamayan at kilusang masa ang eleksyon sa pamamagitan ng pagpapaigting pa rin ng kampanya sa mga tampok na isyu ng mamamayan at paggiit ng anumang makukuhang bentahe sa kapakanan ng mamamayan. Ang mga kampanyang nakatuntong sa isyu ng mamamayan ay makakapaghatak sa mga progresibo at di gaanong reaksyunaryong kandidato na sumuporta sa mga laban at organisasyon ng mamamayan habang nailalantad ang mga sagadsagaring reaksyunaryo. Sumusuporta rin ang kilusang masa sa mga progresibong kandidato kabilang na ang mga progresibong party list organization upang ipagkait sa mga reaksyunaryong naghaharing uri ang monopolyo sa parlamento at magamit rin ang eleksyon at parlamento para magsilbing sekundaryong entablado sa paglalabas ng mga hinaing at pagkukunan ng suporta sa mga laban ng mamamayan habang nananatiling pangunahing entablado para sa mga ito ang lansangan at iba pang larangan ng labanang pangkabuhayan at pampulitika sa pagitan ng mamamayan at mga reaksyunaryong naghaharing uri.

Kasabay nito, nanatiling saligang tungkulin ang paglalantad ng likas na kabulukan sa mga reaksyunaryong halalan sa bansa, ang mga tampok na kaso ng kabulukan/pandarahas/panlilinlang/pandaraya at anumang tampok na panghihimasok ng US, at pagpapalaganap ng pambansa-demokratikong edukasyon at propaganda sa hanay ng mamamayan.

Dapat tingnan ang paglahok sa eleksyon bilang bahagi at nagsisilbi sa pagpapalakas ng militanteng kilusang masa. Ibig sabihin, ang paglahok sa eleksyon ay hindi nag-iilusyong sa larangang ito maipagtatagumpay ang

kilusang masa. Bagkus, dapat maging tuntungan lamang ang paglahok sa eleksyon sa higit na pagpapalakas at pagpapalawak ng hanay tungo sa ibayong pagsusulong ng rebolusyonaryo at militanteng kilusang masa.

Sa kongkreto, ang paglahok sa eleksyon ay magbubunga ng pinakamainam na pagkakataon para sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng masa na maaring ipakita sa pagpanalo ng ilang progresibong kandidato at party list bilang kongkretong ekspresyon ng lakas at lawak ng militanteng kilusang masa. Sa proseso ay makakahamig ang kilusang masa ng suporta sa malawak na masa at iba't ibang antas ng pakikipag-alyansa habang inihihiwalay ang pinakapusakal na kaaway ng masa.

6 Ngayon lamang ba lumalahok ang mga militanteng organisasyon sa pakikibakang elektoral?

Hindi naman bago sa mga militanteng organisasyon ang mga kritikal na paglahok sa eleksyon. Kahit noong bago magbatas militar, nilahukan bagamat kritikal ang eleksyon para sa mga delegado sa constitutional convention (ConCon). Sa panahon ng diktadurang Marcos, lalong naging garapalan ang paggamit sa eleksyon bilang palamuti sa diktadura at instrumento para palabasing may demokrasya sa Pilipinas. Kaya naman, lagi na ring pinagtatalunan sa loob ng mga militanteng organisasyon kung ito ba ay lalahukan o boboykotin.

Subalit karanasan na rin mismo ang nagturo na ang pagtuligsa sa kahungkagan ng eleksyon ay di-otomatikong pagboykot, pagtalikod o pagtuligsa sa eleksyon. Ang paglahok at paraan ng paglahok ng militanteng kilusan ay nakabatay sa taktikal na papel ng eleksyon sa pagsusulong ng kilusan ng masa. Ibig sabihin, kung ito ba ay makakapagpalakas at kung ano ang partikular na pakinabang na makakamit ng kilusang masa.

Mulat ding hinahalawan ng aral ang mga unang karanasan sa paglahok ng kilusang masa sa eleksyon tulad ng karanasan ng Partido ng Bayan (PnB) noong 1987. Nabigong maipagtagumpay ang mga progresibong kandidato kahit na pa dinagsa ng mamamayan ang mga rali at kampanya nito. Ubos-

kayang ginamit ng gubyerno ang dahas at panlilinlang upang durugin ang PnB. Maraming lider, organisador at maging ang tagapangulo ng PnB na si Ka Lando Olalia ay pinaslang ng militar at mga galamay ng reaksyunaryong gubyerno.

Hindi itinatatwa ng Bayan Muna na humalaw sila ng maraming aral at inspirasyon sa naging karanasan ng Partido ng Bayan. Kaya naman, sa kabila ng pagsagka, pananakot, paninira at lantarang pagdahas sa mga miyembro at lider ng Bayan Muna, patuloy nitong pinangungunahan ang pakikibaka ng mamamayan sa kongreso at patuloy na umaani ng pagtataguyod ng malawak na mamamayan.

Ang maningning at matagumpay na karanasan ng Bayan Muna ay nagbigay-inspirasyon din sa iba pang sektor ng mga mamamayan na magbuo ng mga partylist at lumahok dito. Kabilang sa mga progresibong organisasyon na naitayo para lumahok sa eleksyon ay ang Anakpawis Party na binubuo ng mga organisasyong masa ng manggagawa, magbubukid at maralitang lungsod; ang Gabriela Women's Party (GWP) ng militanteng kababaihan; ang Anakbayan Party na tanging partylist na kumakatawan sa mga kabataan, ang Migrante Sectoral Party para sa mga migranteng manggagawa at Suara Bangsa Moro na itinutulak naman ng mga kapatid na Moro sa Mindanao.

Ang paglahok ng mga militanteng organisasyon sa pakikibakang elektoral ay hindi nangangahulugan ng kanilang pagtalikod sa pagsusulong ng kilusan para sa mga pundamental na pagbabago sa lipunan sa pamamagitan ng militanteng at kolektibong pagkilos ng mamamayan. Batid ng mga militanteng organisasyon ang limitasyon ng kanilang paglahok sa eleksyon subalit mulat itong pumapasok sa laro ng naghaharing uri upang magkamit ng ganansya dito tungo sa ikalalakas at ikalalawak ng kilusang masa na unti-unting naghahanda para sa mapagpasyang pagkakamit ng tagumpay

7 Ano ang partylist at bakit lumalahok dito ang mga militanteng organisasyon?

Kabilang ang partylist election sa mga mga isinusulong sa pakikibakang elektoral ng mga militanteng organisasyon. Noong 1995, ipinasa ang Republic Act 7941 o ang Party List Law bilang enabling law sa probisyon ng 1987

konstitusyon hinggil sa representasyon ng party list sa Kongreso. Ang probisyon sa party list representation diumano ay upang bigyang pagkakataon ang mga aping sektor na magkaroon ng mga kinatawan sa Mababang Kapulungan na istorikong dinodomina ng mga traditional politicians. Gayunman, sa nakaraan, ginamit din ng mga naghaharing uri at tradisyunal na pulitiko ang batas sa partylist para ipasok ang kanilang mga partido at kinatawan sa kongreso.

Bagamat may progresibong katangian ang sistemang partylist, nananatili pa rin itong limitado at hindi nagbabago sa dominasyon ng malalaking komprador, malalaking panginoong maylupa at burukrata kapitalista sa kongreso. Gayunman, magagamit ang “party list” at ang pag-upo sa parlamento bilang plataporma upang ihayag sa malawak na mamamayan ang mga panawagan ng mga organisasyon masa, igiit ang mga kinakailangang patakaran at batas, ilantad ang anti-mamamayang mga patakaran, at iba pang ganansya para sa organisadong kilusan ng mamamayan.

Sampung taon pa bago aktwal na naipatupad ang probisyon ng 1987 konstitusyon hinggil sa party list. Sa eleksyon ng Mayo 1998, isinabay ang unang halalan para sa 20% ng kabuuang congressional seats na nakalaan sa mga kinatawan ng party list. Upang makapasok bilang party list representative, kinakailangang makakalap ng minimum na dalawang porsyentong (2%) boto ang isang partidong tumatakbo sa party list mula sa kabuang tala ng bumoto sa party list upang makapagpaupo ng isang kinatawan sa Kongreso; apat na porsyento (4%) para sa dalawang representante; at anim o higit pang porsyento (6% or more) para sa tatlong representante. Ang isang party list ay pinapayagan lamang na makapagpaupo ng hanggang tatlong representante sa Kongreso kahit higit sa anim na porsyentong (6%) boto ang makuha nito. Ang mga kinatawan ng party list ay kinikilala bilang mga halal na representante ng Mababang Kapulungan na tulad ng mga regular na kasapi ng Kongreso.

Gayunma’y maliit na bilang lamang ng mga partylist ang nakakuha ng sapat na boto noong 1998. Bagamat may nakalaang 58 pwesto, 12 partylist lamang (na may kabuang 13 kinatawan) ang aktwal na nakaupo sa kongreso. Subalit noong 2001, matapos ang matagumpay na pagpapatalsik ng mamamayan sa

korap na gubyernong Estrada, masiglang tinangkilik ng mamamayan ang paglahok ng progresibo at miltanteng partylist organization ng kilusang masa.

Patunay sa malawak na pagtangkilik ng mamamayan sa militanteng kilusang masa, nanguna ang Bayan Muna sa mga partylist organizations na lumahok sa partylist election. Nagawa nitong makuha ang mahigit 12% ng kabuuang boto para sa patylist na halos doble ng botong kinakailangan (6% o 2% para sa bawat kinatawan) para mapaupo ang maksimum na representante sa kongreso.

Sa loob ng tatlong taon, hindi binigo ng Bayan Muna ang pagtangkilik ng mamamayan. Dinala nito ang pakikibaka ng mamamayan sa kongreso at mabisang iniuugnay ito sa iba pang larangan ng pakikibaka ng mamamayan. Ayon nga sa ulat ng Bayan Muna, “Ang binhi ng pulitika ng pagbabago na inihasik natin noong taon 2001 ay nagkaugat at sumibol na. Maliit ang bilang ng (sumibol na tanim) kumpara sa masasamang damo sa loob ng gobyerno. Ngunit masamyong halaman ito para sa malawak na bilang ng mamamayan. Pilit na sinusupil ang bagong sibol na halamang ito ngunit napapanatili nating buhay.” (Talumpati ni BM Kinatawan Satur Ocampo)

8 Paano na ang pagsusulong ng kilusang masa sa harap ng mga gawain sa pakikibakang elektoral?

Komplementaryo at hindi magkabangga ang pagsusulong ng kilusang masa at paglahok nito sa eleksyon. Sa tutuo lang, ang tagumpay ng paglahok sa partylist ay iluluwal ng malawak at malalim na kilusang masa na kailangang isabay sa panahon ng kampanya sa eleksyon.

Pinakamainam na pagkakataon ang panahon ng eleksyong ito upang isulong ang militanteng kilusang masa. Lalo pa’t dinaranas ngayon ang walang kaparang paglala sa kabuhayan ng mamamayan at naghahanap ang taumbayan ng makabuluhang pagbabago sa kanilang buhay at sa lipunan. Magandang pagkakataon para sa kilusang masa ang masiglang pampulitikang sitwasyon sa panahon ng eleksyon.

Dahil eleksyon, tiyak na magiging usapan ang mga suliranin ng mamamayan at ng bayan at ang inihaharap ditong solusyon at programa ng mga kandidato. Mas bukas at handang tumanggap ang mga mamamayan ng paliwanag sa kanilang kalagayan at mga solusyon kung paano mababago ito. Kailangan mapangahas, malinaw at malikhaing maiharap sa mamamayan ang programa ng pambansang demokrasya. Mahalagang maunawaan ng mamamayan na ang katuparan ng kanilang mga suhetibong interes tulad ng pagtaas ng sahod, pag-inam ng kabuhayan, lupa at trabaho, kasarinlan at demokrasya ay makakamit lamang sa pakakaroon ng isang gubyernong magsusulong sa interes ng mamamayan at hindi ng dayuhan at ng iilang naghaharing uri sa bansa. Ang mga batayang pagbabago sa ekonomya, pulitika at kultura ng lipunan sa katunayan ay pipigilan ng mga kandidato ng mga naghaharing uri na nakikinabang sa kasalukuyang kaayusan.

Ang pagsasagawa ng kampanyang propaganda-edukasyon ng programa ng pambansang demokrasya ay magtutulak sa mga kandidato na manindigan sa mga isyu. Bukod sa mga pag-aaral at pulong masa na dapat isagawa, maari ding samantalahin ang mga porum ng mga kandidato upang hamunin silang manindigan sa mga isyung pambayan.

Magiging mas kongkreto ang program ng pambansang demokrasya sa pagdadala ng mga pang-araw-araw na isyu ng masa. Dapat na iugnay ang mga ito sa patuloy na paglala ng pundamental na krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan bunga ng mga patakaran sa globalisasyon na lalo pang pinag-ibayo sa ilalim ng administrasyong Arroyo na masugid na papet ng imperyalismong US. Hindi mahirap unawain ito lalo pa't wala namang nagawa ang rehimeng Arroyo kundi ang lalo pang palalain ang kalagayang pangkabuhayan ng mamamayan sa loob ng tatlong taon. Kaya naman, anuman ang pagpapanggap ni Pangulong Arroyo, tiyak na itatakwil ng mamamayan ang kanyang kandidatura at ang tanging paraan nito ay manalo sa pamamagitan ng pandaraya tulad ng dagdag-bawas at paggamit ng rekurso ng gubyerno upang bumili ng boto.

Samantala dahil eleksyon, tiyak na maraming pulitiko ang magpoposturang sila ay makamamamayan at para sa demokrasya. Dapat na bigyan ng pagkakataon ang mga pulitiko na patunayan ang kanilang katapatan. Dapat patuloy na isulong ng mga organisasyong masa ang mga kampanya upang magkamit ng mga taktikal na ganansya sa panahon ng eleksyon at sa

proseso ay isandal sa depensiba ang mga pulitiko. Ganito ang ipinakikita ng kampanya ng kilusang manggagawa para sa P60 kagyat na dagdag na sahod habang ipinaglalaban pa ang P125 across the board wage increase. Mainam na magsulong ng mga taktikal na laban ang mga organisasyon masa na may layong magkamit ng mga maliliit na tagumpay na makakabawas kahit pansamantala sa kahirapan ng mamamayan.

Inaasahang tatangkilikin ng mamamayan ang ganitong kampanya. Sabihin pa, masiglang lalahukan ito ng mamamayan at dapat tiyakin ang mga pagkilos ay magiging balon ng patuloy na paglawak ng mga organisasyong masa. Ang paglahok ng mamamayan sa mga aksyong masa ay proseso din ng pagkakamulat at edukasyon sa landas ng militanteng pagkilos. Magiging paaralan din ng masa ang mga pagkilos at aksyong masa upang magabayan sila sa pagpili ng mga kandidato at iboboto. Syempre pa, hahanapin nila sa mga plataporma ng mga kandidato at partido ang mga isyung ipinaglalaban ng mga organisasyong masa.

Agad na matutukoy ng masa ang mga progresibo at militanteng kandidato at partido dahil sa mga isyu at plataporma de gubyerno nito. Samantala, ang paglaki at paglawak ng mga aksyong masa ay magbubunga din ng ilang bentahe sa pakikipag-alayansa. Siguradong makikipag-ugnayan ang mga pulitiko sa mga organisasyong masa bilang pagkilala sa lawak at lalim ng pagtangkilik at pamumuno sa masa. Magiging malaking bentahe sa kilusang masa ang pakikipag-alyansa at limitadong pakikipagkasundo sa mga progresibong grupo at kandidato habang inihihiwalay at ibinabasura ang mga pinakasagadsagaring kaaway ng mamamayang Pilipino.

Samantala, hindi dapat bitiwan ng militanteng kilusang masa ang tungkulin nitong ilantad ang kahungkagan at anti-mamamayang katangian ng sistemang elektoral sa Pilipinas. Sa proseso ng pagpapatampok ng mga isyu at pagsusulong ng pulitika ng pagbabago, ibayo pang malalantad ang bulok na katangian ng eleksyon at ang kahungkagan nito upang maging daluyan ng mga makabuluhang pagbabago. Kailangan pa ring lahukan, pamunuan o magbuo ng mga organisasyong nagbabantay sa eleksyon tungo sa paglalantad sa mga dayaan at paggamit sa eleksyon ng mga naghaharing uri.

9 Posible bang walang eleksyon? Ano ang tunguhin ng labanan sa eleksyong 2004?

Ito ang eleksyong hindi pa mang nagsisimula ay wala nang kredibilidad. Hindi pa man nagbobotohan, may bintang na agad ng dayaan at banta na ng pag-aalsa. Paano nga naman, mismong COMELEC ay pinagdududahan. Lantaran ding ginagamit ang rekurso at tauhan ng gubyerno laluna ang militar sa pangangampanya ni Arroyo. Kaya nga, inaaasahan ang pagsiklab ng mas matinding tunggaliang panlipunan matapos ang eleksyon laluna kung magiging lantaran ang dayaan at karahasan.

Kinumpirma mismo ng militar na hindi tsismis kundi tutuong may ilang seksyon ng militar ang nagbabalak ng mga kudeta o armadong pag-aalsa. Patuloy na lumalakas ang bantang sasamantalahin ng ilang grupo ang kawalang kredibilidad ng eleksyon upang maglunsad ng kudeta o kaya'y iba pang di-konstitusyonal na pamamaraan ng pagkuha ng kapangyarihang pampulitika. Diumano'y muli na namang naggugrupo ang mga rebeldeng sundalo tulad ng grupo ng Kawal na kumakailan ay lumantad sa midya. Mayroon ding napapansing kakaibang galaw sa panig ng US at marami ang nagsususpetsa sa di-pangkaraniwang pagbabakante sa pwesto ng embahador ng US.

Hindi naman maitatago ng US ang ispesyal na interes nito sa eleksyon. Inamin mismo ng US Charge de Affaires Joseph Mussolimi na aktibo itong nakikipagkonsultahan sa mga kandidato. Ibinalita sa midya na ayon kay Mussolimi, nakipag-ugnayan na sa US ang mga pangunahing kandidatong presidensyal.

Lalo ding tumitindi ang krisis pang-ekonomya na makikita sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin, pagbagsak ng piso, pagtaas ng halaga ng pamumuhay. Ang masahol dito, walang maiprisentang alternatiba o malinaw na solusyon ang mga kandiddato sa problema ng mamamayan

Magiging mapagpasya ang mga mangyayari sa mga buwan bago at pagkatapos ng eleksyon. Hindi nawawala bagkus lumalakas ang bulungan sa panibagong pagtatangka ng ilang seksyon ng militar na maglunsad ng kudeta laban man sa rehimeng Arroyo o sa bagong administrasyon .

Mahalaga din ang ibayong pag-iingat at militansya ng mga progresibong organisasyon lalu pa't desperadong nagsasagawa ng panunupil at karahasan ng mga pwersa ng reaksyon sa pamamagitan ng pwersang militar ng gubyerno na pigilan ang paglaban ng mamamamayan. Titiyakin ng reaksyon na hindi makakapwesto ang mga progresibong pwersa kung sakaling nalalagay sa alanganin ang reaksyonaryong sistema dahil sa internal na sigalot nito. Dagdag pa, ipinangangamba ng US at naghaharing uri ang patuloy na paglawak ng suporta ng mga militanteng organisasyon sa mamamayan. Nangunguna sa mga sarbey ang Bayan Muna at iba pang progresibong partylist organization kaya malamang na pigilan ang tiyak na tagumpay ng mga ito sa malawakang pandaraya.

10 Ano ang maaring gawin ng mamamayan sa eleksyong ito?

May eleksyon man o wala, dapat na maging tuloy-tuloy ang pag-abot at pagpapakilos sa malawak na bilang ng mamamayan hanggang sa makapag-ipon ng lakas ang mga progresibong pwersa na iluklok ang tunay na gubyerno ng mamamayan at ibasura ang mga papet, pasista at korap na kandidato ng mga naghaharing uri.

Matalino nating pagpasyahan ang pagboto at pangangampanya kung ano at sino ang iboboto. Gawin nating gabay ang prinsipyo ng paglahok sa pakikibakang elektoral batay sa prinsipyo ng pagpapalakas sa kilusang masa.

Ilan sa maari nating gawin ay ang mga sumusunod:

1. magsulong ng mga pakikibakang masa at itulak ang mga kandidato na tumindig sa mga usapin ng mamamayan
2. suportahan at ikampanya ang mga progresibong partido at kandidato
3. maglunsad at hikayating lumahok ang mga kapitbahay, kaanak at kaibigan sa mga pulong-bayan at mga pag-aaral para talakayin ang mga isyu ng bayan
4. lumahok sa mga samasamang pagkilos ng mamamayan
5. ilantad ang mga pandaraya at karahasan tungo sa pagpapakita ng kahungkagan ng eleksyon ng mga naghaharing uri.

Wala tayong ilusyon sa reaksyunaryong eleksyon. Gayunman, maaari nating samantalahin ang lahat ng puwang at pagkakataong ibinubukas nito upang higit pang isulong ang kilusang masa at ang mga militanteng pagkilos. Sunggaban natin ang lahat ng pagkakataon upang magkamit ng mga ganansyang makapagpapalakas at higit pang magpapasikad sa militanteng pagkilos at pagpupunyagi ng sambayanan para sa mga pundamental na pagbabago sa lipunan. ■ (REFelicia)